# TAGULAYLAY

Ronald A. Atilano

# ARKIPELAGO

Kung sisipating
mabuti, mapapansing
kawangis ng kung anong
ibon ang mapa ng ating
kapuluan -- Luzon ang nakatingalang
ulo't nakangangang tuka;
Bisayas ang tila nagkawatak-
watak na katawan,
pakpak, at nagkalat na mga
balahibo; at Mindanaw
ang malapad at naka-
bulatlat na buntot.
Ayon sa alamat,
mga labî ito ng isang
sinaunang ibon,
ang Manaul,
na noong unang
panahon ng mga bathala'y mag-isang lumilipad
sa kawalan, naghahanap ng madarapuang
pampang.
Binalak nitong paahunin ang lupa mula sa
kailaliman, kaya't pinag-away
ang Langit at ang Karagatan. *Lulunurin*
*ka ng Dagat,* udyok niya sa himpapawid.
*Uulan ng mga bato at*
*kidlat!* wika niya sa dati'y payapang dagat.
Nang maganap ang delubyo, nagsibangon
ang gabundok na mga alon, nakipagdigma sa daluyong
ng mga higanteng bato.

Nang mahawi ang unos,
naiwan sa gitna ng Karagatan ang

libong bagong-silang
na mga pulo.
Sa puntong ito, may iba-ibang bersiyon
ang mga alamat. Ayon sa mga Tagalog, bumabâ ang Manaul sa isang
isla, tinuka ang isang makapal na kawayan, na nang mabiyak ay nagluwal
sa mga unang Tao. Sa bersiyon ng mga Bisaya, ang ibon ang naghagis ng
mga bato upang mapahupa ang nag-aalitang kalikasan. Sa salaysay ng mga
Mangyan, ang Langit ang siyang nagpukol ng mga bato sa Manaul bilang banal
na kaparusahan… Nangangahas akong isiping ikinasawi ng ating Ninunong Ibon
ang digmaang kaniyang sinimulan, na itong nagkalasog-
lasog niyang katawan ang naging mapa
ng linsad nating mga kasay-
sayan,
nadaraganan
ng mga bato,

mga sibat
at punglo,

piraso
ng buto, bungo,

mga alikabok
ng ating

sariling
pagguho.

# ANG MGA MATA NG MAHAL NA BIRHEN NG EDSA

Nang mamasdan nila ang estatwa,
Nahindik sila sa Asyanong mukha ng Birhen,
Ang sarat na ilong at mulagat na mga mata.
Nasindak sila sa modernista nitong titig,
Sa heometrikong mga pilik at pisnging
Kay-layo sa klasiko-Romanong kutis
At bughaw na mga balintataw
Ng Birhen ng Awa sa mga groto't estampita.

*Susmaryosep*, walang mananalangin,
Bagkus ay kinatatakutan ng mga paslit
Ang rebultong kahawig ng nanlilisik
Na wangis ng aswang o mambabarang.
(Huwag pagtakhan ang litanya ng kamalasang
Kinasadlakan ng bayan nating mahal!)

Kaya't hinintay nilang sumalangit
Ang butihing eskultor
At saka ipinatuklap at muling hininang
Ang mukha't mga mata ng Mahal na Birheng
Ngayo'y puspos ng awang nakatunghay
Sa kahabag-habag niyang mga anak.
Napupuno siya ng grasya't pagpapala.
Muling sumisilahis ang ningning
Mula sa marikit, maaliwalas niyang mukha.

# BUWAN

Pisong kumikislap ang buwan:
gumugulong
habang sinusundan
ng batang lansangan.
Tumutulay
sa kawad ng koryente,
hanggang sa kisapmata'y
n
a
h
u
l
o
g

mulang tuktok ng poste.

Kumalansing,
tumilapon
sa silong ng bangketa—

doon, muli niyang natanaw ang buwan:

isang malamlam
na pilak
na inaanod
sa itim na kanal.

# NAGHAHAWAN NG TALAHIB ANG AKING GURO SA KASAYSAYAN

Naghahawan ng talahib ang aking guro sa Kasaysayan
At ako'y nagtutulos ng mga bakod na ipil
Sa paligid ng itinayo niyang tahanan sa kakahuyan,
Kubling kanlungan ng naipundar niyang mga aklat
At mga lumang kuwadernong nasagip
Mula sa inanay na mga taon.
Nananatiling matalim ang paningin niyang hinasa
Ng mga itinanging sagisag, ng mga naulinig na mithi
Mulang huklubang punongkahoy, at ng sigasig
Na masuri't makilala ang tampalasang damong
Kailangang matipon at maitapon sa sigâ.
Ngunit pumupurol ang hawak niyang karit,
Halos mabungi sa pananalasa ng tulisang talahib
At ng mapanakop na daluyong ng mga dahon.
Unti-unting iginugupo ang kaniyang mga bisig
Ng mga naglisaw na baging at ugat,
At ng katiyakang daratal ang panahong mananaig
Ang gumagapang na mga hukbo,
Darambungin ang kaniyang aklatang moog,
Gugutay-gutayin ang mga pahinang
Ilang dekadang isinilid sa sentido't dibdib:
Ang nanilaw na papel at imprenta,
Ang nagbigkis na pagkit at katad,
Ang mga notasyon at sinalungguhitang salita,
Ang salaysay na nagtala ng nangyari't pinangyarihan,
At ang saysay ng katotohana't kahulugan.
Nasaksihan ko, akong kaniyang hamak na ayudante,
Ang sukab na kasaysayang isusulat ng talahib
Habang ako'y nagtutukod ng sanga-sangang ipil
At patuloy niyang iwinawasiwas ang karit sa gubat.

# GABI NG MGA ORADOR

Kung magawi ka sa Luneta isang gabi,
Papauwi galing inuman
O sadyang ugali mong maglimayon nang dis-oras,
Kabuntot ang ásong anino ng iyong insomya,
Maaaring madaanan mo roon ang mga nagtatalumpati
Sa ilalim ng akasya't posteng lampara,
Silang animo'y mga gusgusing abogado
Sa bulwagan ng mga rebulto't bugambilya
At gabi-gabing nagtatálo-tálo tungkol sa anumang
Samperang paksang ihulog ng buwan.

Pupukawin ka ng silakbo sa kanilang tinig
Habang bumabagsak ang telon ng dilim,
Mapabibilang sa nakapalibot na mukha
Ng mga hatinggabing biyaherong
Humihimpil mulang kani-kanilang
Nagsanga-sangang mga ruta,
Sinasaksihan itong pagtatagisan
Ng mga katuwira't ulirat,
Inaaninag ang mananaig
At magniningas.

Sino-sino silang naghahanap ng liwanag
Sa hardin ng mga lagalag?

Maaaring mamataan mo roon ang wangis ni Pablo,
Tinatawid ang kaniyang landas tungong Damasco.
O si Raskolnikov, na kanginang umaga'y
Niyakap ang kabayong hinahagupit ng kutsero.
Sina Julio Madiaga't Ligaya nga ba
Ang nasa dakong iyon,
Namamasyal tungong mga asupreng sirkulo ng siyudad?

Maraming nakapagsabing matagal na silang nagtitipon-tipon:
Noon pang dekada sisenta, bago pa magka-Sigwa
                    (nababanggit ito, 'adre, sa *Tatang* ni Ricky Lee),
Noon pang mga gintong kapanahunan ng Plasa Miranda
          (nauna pa sa *Mambo Magsaysay*,
                    o sa naunsyaming debateng Recto bersus Romulo).

May mga haka-hakang naroon na sila
Noong bago pa magka-giyera—
Silipin ang talaan ng lihim na mga *cofradia*'t kapisanan,
Silang tagaingat ng talisman at tinaguriang mga tulisan—
Bahagi ng nagpapatuloy na henerasyon
Ng mga mistiko ng lansangan sa ating bayan.

Mapapagtanto mo: nagtatagpo-tagpo silang
Gaya ng mga sinaunang Griyego sa gulod,
Mga peregrino ng plasang
Nakikipagsuwagan ng sungay
Alang-alang sa apoy, at kung kailanga'y
Nakahandang lumagok ng ikamamatay na nektar.
Dito sa nokturnal na palengke ng mga palaboy,
Nakasusumpong sila ng sulô sa puyô ng gabi,
Nakatutuklas ng ebanghelyo
Para sa kaluluwang naliligalig at naglalagalag.

Lalakad kang kasama nila at mauunawaan mo
Ang payak nilang mga pananalig,
At ang mga tansong propetang kanilang hinahamon.
Ilalahad nila sa iyo ang mga ilog na kanilang nilulusong,
At sa pag-ahon ay dito nakatatagpo
Ng tahanan. *Kumusta, ilang gabi kang nawala?*
May matandang tutugtog ng gitara,
At aawit silang sintunado't watak-watak,
Ngunit kabisado't naisapuso ang limot nang kundiman.
Sa madaling-araw, gigisingin sila ng munting
Mga pagtilaok ng lungsod,
Mga estranghero't disipulong naglamay,
Nagmumulat nang nakapamaluktot sa hardin,
Dito sa nagliliwanag na mga damuhan ng Getsemane.

**ILANG PALIWANAG TUNGKOL SA "TAGULAYLAY"**

Sinisiyasat ng mga tula sa koleksiyong "Tagulaylay" ang mga lamat at guho ng gunita, at gayundin, ang mga sumisibol na dahon at bulaklak mula sa mga siwang nito. Sa limang tula, iisang persona ang bumabagtas sa mga lunan at espasyo ng alamat at kasaysayan upang suriin ang mga sugat at pilat ng karanasang Filipino. Sa landas na ito, bawa't tula ay isang estasyon: mula sa alamat ng pagkakalikha sa Pilipinas, ang kilusang kontra-diktadurya, ang lumalaganap na rebisyunismo sa kasaysayan, hanggang sa buhay at pakikipagsapalaran ng mga nasa laylayan ng lipunan.

Ang pambungad na tulang "Arkipelago" ay isang pagsangguni sa pre-kolonyal na lumipas, isang pagbabalik sa kapanahunan ng mga alamat. Isang layunin ko ang hindi ito mauwi sa muling paglalahad lamang ng mito ng Ibong Manaul at ng pagkakalikha sa ating kapuluan. Sinimulan ko ito sa isang panukala: "tingnan mo, parang patay na ibon ang hugis ng arkipelago natin", at upang mapaalingawngaw ito, minarapat kong ilapat ang anyo ng ibon/arkipelago sa kabuuan ng kongkretong arkitektura ng tula. Mahalaga ang pagtukoy ng tula sa mga pagkakaiba-iba ng mga bersiyon ng alamat sa iba't ibang rehiyon ng kapuluan sapagkat sinasalamin nito ang sigalot ng kalikasan at ang delubyo ng mga bato mula sa alamat. Sinusuhayan din nito ang imahen ng tinilad-tilad na katawan ng maalamat na ibon, na siyang lunan, hindi lamang ng alamat, kundi ng daratal na kasaysayan ng kolonisasyon at ng adhikang makabansa. Sa tulang ito, nagsasanib ang naratibo at anyo ng tula upang mapansin at matunton ang mga pira-pirasong guho ng ating kasaysayan.

Mula sa alamat, babaling naman ang tulang "Ang mga Mata ng Mahal na Birhen ng EDSA" sa pagbabanggaan ng politika, pamahiin, at sining (kamangha-manghang naganap sa interseksyong iyon ng Ortigas, episentro ng tinaguriang rebolusyong People Power na nagpabagsak sa diktaduryang Marcos). Isang tunay at kakatuwang pangyayari nang mapabalita noong nasa kolehiyo ako na di-umano'y "hindi gusto" ng mga grupong relihiyoso ang modernistang estilo ng mga mata ng estatuwa ng Our Lady of EDSA. Malinaw pa sa alaala ko ang pahayag ng mga nagdedeklara noon na ang 'mala-demonyong' mga matang iyon ng Birhen ng EDSA ang maituturing na sanhi ng lahat ng mga kaparusahan ng Diyos sa sambayanang Pilipino noong panahon ni Cory, mula sa serye ng mga kudeta hanggang sa paglubog ng MV Doña Paz. Nakakatawa ang proposisyong ito ngayong inaalala natin, ngunit gaya ng maraming mga kakatuwang pangyayari dito sa ating mahika-realistang bansa, mas nakapanlulumo ang pagtatagumpay sa huli ng mga puwersa ng pamahiin. (Bagama't hindi pumayag ang eskultor na si

Virginia Ty-Navarro sa kahilingang baguhin ang mata't mukha ng estatuwa, naisakatuparan din ito nang pumanaw siya paglipas ng ilang taon.) Isa sa mga kontradiksyong gumigitaw mula sa tulang ito ang realisasyong walang monopolyo ang mga puwersa ng diktadurya/dilim sa kumakalat na rasyon ng kawalang-saysay sa ating mga lungsod at bayan.

Ang tulang "Naghahawan ng Talahib ang aking Guro sa Kasaysayan" ay hango sa isang alaala ng aking pumanaw na guro noong hayskul. Tinulungan ko siya noong magtayo ng kaniyang bahay sa gilid ng isang bagong-kahahawang talahiban. Pinagbibiruan namin noon, habang naghahapunan at dumidilim, na ganitong-ganito ang eksena -- sa isang dampa sa kubling parang na gaya nito -- nang sumalakay mula sa gubat ang mga zombie sa pelikulang "Evil Dead". Bilang pagpupugay sa alaala ng aking propesor sa Araling Panlipunan, naghunos ang tulang ito bilang komentaryo hinggil sa lumalaganap na epidemya ng paglimot (gaya ng babala ni Santayana), sa pagkawasak ng saysay at kahulugan, mga hiyas ng saloobing makatao na siyang pinakamalapit sa kaniyang puso.

Isang tagulaylay ang kalipunan ng mga tulang ito, elehiya sa landas ng kahungkagang binabagtas ng kaluluwa. Mahihiwatigan ito sa alegorya ng tulang "Buwan". Mapagkakamalan ang tula bilang isang payak na kuwentong pambata, ngunit sa ganang akin, pinakamatingkad ang kawalang-pag-asa sa mga taludtod na ito tungkol sa batang lansangang sinusundan-sundan ang bilog na buwan, animo'y humahabol sa gumulong na barya.

Sa huling tulang "Gabi ng mga Orador" lamang makakaulinig ng himig ng pamamangha, ng 'sangtasang misteryo sa tuwa. Sa tulang ito, inaanyayahan ng persona ang kausap na dumaan sa Luneta upang masaksihan ang mga taong gabi-gabing nagdedebate, silang namumuhay na halos isang komunidad sa plasa. Sa kabila ng mga desperadong buhay ng mga "naliligalig at naglalagalag", itinatanghal ang kanilang nakagugulat na pagpupunyagi, at ang iilang sinag ng liwanag na kanilang itinatangi at ipinakikipagtipan, gaya ng mga sinaunang Griyego, gaya ng ng mga disipulo ni Kristo sa aklat ng "Mga Gawa" sa Bibliya. Sa liwasan nilang tahanan, dumaratal at maririnig ang mga "munting pagtilaok ng lungsod" sa madaling-araw, at nagliliwanag sa kanilang paggising ang mga harding tinik ng Getsemane.

29 Marso 2023
Cardiff, New South Wales, Australia